

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang mga nominasyon ng kandidato at rehistrasyon ng third party adviser ay bukas sa Mayo 2

para sa 2022 Brampton Municipal at School Board Election

BRAMPTON, ON (Abril 26, 2022) – Magsisimula na ang Clerk’s Office ng Lungsod ng Brampton na tumanggap ng mga nominasyon ng kandidato at rehistrasyon ng third party advertiser para sa 2022 Brampton Municipal at School Board Election sa Lunes, Mayo 2.

Ang panahon ng nominasyon para sa mga kandidato ay matatapos sa Agosto 19, 2022 sa 2 pm.

Ang panahon ng rehistrasyon para sa mga third party advertiser ay magwawakas sa Oktubre 21, 2022.

Ang isang presentasyon sa pangkalahatang mga patnubay para sa mga kandidato at third-party advertiser ay makikita sa [website](#) ng Lungsod

Mga Kandidato

Tatanggap ang Lungsod ng mga nominasyon para sa sumusunod na mga tanggapan:

- Mayor
- Regional Councillor
- City Councillor
- School Board Trustee para sa:
 - Peel District School Board
 - Dufferin-Peel Catholic District School Board
 - Conseil scolaire catholique MonAvenir

Ang Lungsod ng Mississauga ay tatanggap ng mga nominasyon ng kandidato para sa School Board Trustee, Conseil scolaire Viamonde.

Ang mga form ng nominasyon at mga package ng impormasyon para sa mga kandidato ay available [online](#) at sa Tanggapan ng City Clerk sa City Hall ng Brampton. Ang mga form ay kailangang i-file nang personal (o sa pamamagitan ng agent) sa panahon ng regular na mga oras ng opisina, 8:30 am hanggang 4:30 pm, sa mga weekday simula sa Mayo 2, 2022

hanggang Agosto 19, 2022. Ang isang appointment ay kinakailangan para mag-file ng mga form ng nominasyon. Mangyaring bisitahin ang www.brampton.ca/BramptonVotes para mag-access sa mga hinihinging form, package ng impormasyon, at para mag-book ng appointment para sa filing.

Sa panahon ng pag-file, ang bayarin (\$200.00 para sa Mayor, \$100.00 para sa lahat ng ibang posisyon) ay pwedeng bayaran ng cash, debit, certified cheque o money order. Ang mga aplikante ay kailangang magbigay ng [patunay ng pangalan at qualifying address](#). Tanging mga orihinal na dokumento lamang ang tatanggapin; hindi pinapayagan ang mga fax o ibang electronic na bersyon. Ang lahat ng potensyal na kandidato ay maaaring mag-file ng kanilang Papel na Nominasyon at form ng Pag-endorso ng Nominasyon bago tumanggap ng anumang mga kontribusyon sa kampanya o paggasta ng anumang mga pondo para sa mga layunin ng halalan. Ang mga kandidato ng school board trustee ay hindi kinakailangang mag-file ng form ng Pag-endorso ng Nominasyon.

Mga Third Party Advertiser

Ang anumang indibidwal, korporasyon o trade union na gustong mag-advertise sa broadcast, print, electronic o iba pang medium para itaguyod, suportahan o tutulan ang isang kandidato, ay kinakailangang magrehistro sa Lungsod.

Ang mga form ng rehistrasyon at mga package ng impormasyon ay makukuha [online](#) at sa Opisina ng City Clerk sa City Hall ng Brampton. Kailangang i-file ang mga rehistrasyon nang personal (o sa pamamagitan ng agent) sa panahon ng regular na mga oras ng trabaho sa mga weekday simula sa Mayo 2, 2022, hanggang Oktubre 21, 2022. Ang isang appointment ay kinakailangan upang mag-file ng mga papeles sa rehistrasyon. Mangyaring bisitahin ang www.brampton.ca/BramptonVotes para mag-access sa kinailangang mga form, package ng impormasyon at para mag-book ng appointment para mag-file.

Ang taong nag-file ng rehistrasyon ay kinakailangang magpresenta ng [orihinal na identipikasyon](#) sa oras ng pag-file. Ang isang kinatawan na gustong magrehistro sa ngalan ng isang korporasyon o trade union third party advertiser ay kailangang magbigay ng sulat ng awtorisasyon mula sa isang designated na opisyal ng korporasyon o trade union. Tanging orihinal na mga dokumento ang tatanggapin; ang mga fax o ibang mga electronic na bersyon ay hindi pinapayagan. Ang mga third party advertiser ay kailangang mag-file ng kanilang mga papeles ng rehistrasyon bago ang pagtanggap ng anumang mga kampanya ng kontribusyon o paggasta ng anumang mga pondo para sa mga layunin ng halalan.

Ang isang talaan ng nominadong mga kandidato at rehistradong mga third party advertiser ay regular na i-a-update at maaaring makita sa www.brampton.ca/BramptonVotes.

Quote

“Hinihikayat ng Tanggapan ng City Clerk ang lahat ng potensyal na kandidato at mga third party advertiser na isapamilyar ang kanilang mga sarili sa lehislasyon at sa kung ano ang inaasahan sa kanila sa panahon ng kampanya ng 2022 Brampton Municipal and School Board

Election. Bisitahin ang brampton.ca/BramptonVotes para sa karagdagang impormasyon, o makipag-ugnayan sa 311 o bramptonvotes@brampton.ca para sa anumang mga tanong na maaaring meron ka.”

- Peter Fay, City Clerk at Returning Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca